Nang dumating ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang mga kasamahan niya sa Meccah;Nagsabi ang mga walang pananampalataya;Tunay na darating sa into ang mga grupo na mga Taong pinahina sila ng mga Tagapag-tanggol sa Yathrīb. Ipinag-utos sa kanila ng Propeta na magmadali sa (paglalakad) pag-ikot ng tatlo,at ang lumakad sila ng (dahan-dahan) sa pagitan ng dalawang haligi

Ayon kay 'Abdullah bin 'Abbās,Nagsabi siya:((Nang dumating ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang mga kasamahan niya sa Meccah;Nagsabi ang mga walang pananampalataya;Tunay na darating sa inyo ang mga grupo na mga Taong pinahina sila ng mga Tagapag-tanggol sa Yathrīb. Ipinag-utos sa kanila ng Propeta na magmadali sa (paglalakad) pag-ikot ng tatlo,at ang lumakad sila ng (dahan-dahan) sa pagitan ng dalawang haligi.At hindi siya pumigil sa kanila na magmadali sa (paglalakad) sa lahat ng pag-ikot:liban sa pagiging maawain sa kanila))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Dumating ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa ika-anim na taon mula ng paglikas sa Meccah upang magsagawa ng 'Umrah at kasama niya ang karamihan sa mga kasamahan niya,Lumabas siya upang makipaglaban rito at pigilan sa Bahay ni Allah ang mga walang pananampalataya ng Quraysh,Ngunit nagkaroon sa pagitan nila ang Kasunduan,Kabilang sa habag niya,Na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at mga kasama han niya,at bumalik silan sa taon na ito.at babalik sila sa darating na taon upang nagsagawa ng 'Umrah.at mananatili sa Meccah nang tatlong araw.At dumating sila sa ika pitong taon upang magsagawa ng 'Umrah na kabayaran.Nagsabi ang mga walang pananampalataya sa isa't-isa;-Natutuwa at Nanglalait-Tunay na darating sa inyo ang mga grupo na mga Tao,at ibinaba sila at pinahina ng mga Tagapag-tanggol sa Yathrīb.At nang maiparating sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang sinabi nila,inibig niyang sagutin ang sinabi nila magalit sa kanila,Kaya`t ipinag-utos niya sa mga kasamahan niya na magmadali maliban sa pagitan ng haligi ng Yamani at haligi na nasa Itin na Bato,(doon ay) maglalakad sila, bilang habag sa kanila at awa sa kanila,at nang sila ay nasa pagitan ng dalawang haligi,hindi sila nakikita ng mga walang pananampalataya,at yaong mga umakyat sa bundok "Qaeyqa-an"upang tingnan ang mga Muslim habang sila ay umiikot,nagalit sila sa kanila hanggang sa sinabi nila:Sila ay walang katulad kundi parang mga Usa,Kaya`t ang

madaliang paglalakad na ito ay naging Sunnah na sinusunod sa pag-iikot ng (sinumang) dumarating sa Meccah, Bilang pag-aalaala sa mga Ninuno nating nakalipas,at bilang pagsunod sa kanila sa mga magaganda nilang katayuan,at matitindi nilang pagtitimpi,at sa anumang nagampanan nila mula sa mga mararangal nilang gawain,upang maipag-tagumpay ang Relihiyon,at maipanaig ang Salita ni Allah,Nawa`y biyayaan tayo ni Allah nang pagsunod sa kanila at pagsunod sa mga yapak nila.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3020